## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Pamilyar ka ba sa iba't ibang mga bansa sa daigdig? Marunong ka bang magbasa ng mapa o magturo ng isang bansa sa isang globo? Nagtataka ka ba kung bakit may giyera sa ibang mga bansa? Kung dati mo nang naisip ang mga katanungang ito, ang modyul na ito ay para sa iyo.

Parating sinasabing ang mundo ay paliit nang paliit. Ang mga bansang tila ba malayo noon sa isa't isa dati ay isang tawag na lang ang lapit sa ngayon. Ang mga pangyayari sa isang napakalayong bansa ay nakaaapekto sa buhay ng mga tao sa ibang bansa. Halimbawa, ang hidwaan sa pagitan ng mga bansa at ang miting ng mga lider ng mga bansa ay nakaaapekto sa kanilang relasyon sa isa't isa at sa ibang bahagi ng mundo. Maaari itong magkaroon ng impluwensiya sa ekonomiya ng mundo at sa sitwasyon ng kapayapaan at kaayusan hindi lang sa mga bansang kasangkot kundi pati na rin sa buong mundo. Habang ang mga bansa sa daigdig ay nagtutulung-tulong, patuloy na "lumiliit" ang mundo. Ito ang dahilan kung bakit kailangang dagdagan natin ang ating kaalaman tungkol dito. Kailangang malaman natin kung nasaan ang iba't ibang mga bansa at kung paanong ang kanilang kinalalagyan ay nakaaapekto sa relasyon nila sa isa't isa. Sa paraang ito, maaari tayong mabuhay nang sama-sama at nagkakaisa.

Sasabihin sa iyo ng modyul na ito ang kinalalagyan ng iba't ibang mga bansa at lungsod sa mundo.

Ang modyul na ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 1—*Ang Paggamit ng Mapa*

Aralin 2—*Ang mga Bansang G8*

Aralin 3—*Ang mga Pangunahing Lungsod sa Mundo*

## Anu-ano ang Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, makakaya mo nang:

- matukoy ang mga bansa at lungsod sa pamamagitan ng mga mapa;
- makilala ang mga bansang nabibilang sa Grupo ng Walo (G8); at
- sabihin ang ilan sa mga pangunahing lungsod ng daigdig.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulan ang pag-aaral sa modyul, sagutin mo muna ang simpleng pagsusulit na ito upang malaman kung ano na ang alam mo tungkol sa paksang tatalakayin.

A. Saan ginagamit ang mga mapa?

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

B. Ano ang kaibahan ng bansa sa kontinente?

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

C. Isulat mo sa patlang ang bansang kinabibilangan ng bawat lungsod sa ibaba.

1. Manila ______________________________________________________
2. Rio de Janeiro _______________________________________________
3. Santiago ____________________________________________________
4. Sydney _____________________________________________________
5. Cairo ______________________________________________________

D. Bilugan ang walong miyembrong nabibilang sa G8.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Tsina | Lebanon | Hapon | Russia | Portugal |
| Nigeria | Pransiya | Estados Unidos | Thailand | Brazil |
| Italya | Morroco | Ingglatera | Brunei | Sudan |
| Turkey | Alemanya | Tsina | Canada | Korea |

Kumusta ang pagsusulit? Sa tingin mo ba ay mataas ang iyong marka? Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 38.

Kung lahat ng sagot mo ay tama, napakagaling! Ipinakikita nito na alam mo na ang paksa ng modyul na ito. Maaari mo pa ring pagbalik-aralan ang modyul. Malay mo, may matutuhan ka pa ritong iba.

Kung mababa naman ang iskor mo, huwag mong damdamin ito. Nangangahulugan lang na ang modyul na ito ay para sa iyo. Matutulungan ka nitong intindihin ang mahahalagang konsepto na maaaring mong gamitin sa pang-araw-araw na buhay. Kapag pinag-aralan mo ang modyul na ito nang husto, malalaman mo ang mga sagot sa lahat ng pagsusulit at marami pang iba. Handa ka na ba?

Buklatin mo ang modyul sa susunod na pahina upang masimulan ang Aralin 1.

# Ang Paggamit ng Mapa

Nakagamit ka na ba ng mapa dati? Ang mapa ay isang patag na representasyon ng ibabaw ng mundo o isang lugar dito. Ipinakikita nito ang mga kinalalagyan ng mga bansa, ilog, bundok, dagat, kalsada at iba pa. Ano ang kaibahan ng mapa ng iyong pamayanan sa mapa ng daigdig?

Mahalaga ang mga mapa dahil ipinakikita nila ang mga kinalalagyan ng lugar at mga katangian nilang may kinalaman sa heograpiya. Mahalagang malaman mo kung paanong gumamit ng mapa. Ituturo sa iyo ng araling ito kung paano.

Matapos mong pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

- kilalanin ng bawat isang kontinente sa mapa ng mundo;
- sabihin ang kaibahan ng isang bansa sa isang kontinente; at
- hanapin ng iba't ibang bansa sa mapa;


Gumamit ng mapa upang hanapin ang mga lugar at alamin ang direksiyon papunta sa isang lugar.

Mayroon ka bang mapa ng mundo? Magiging malawakan ang paggamit mo sa mapa sa araling ito kaya't pinapayuhan kang kumuha nito upang mabasa dito. Kung wala kang mapa, humingi ka sa iyong *Instructional Manager.*



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Sa ibaba ay ang mapa ng kuwarto ni Carla.




Maaari mo bang ibigay ang lokasyon ng kama ni Carla? Ang kanyang kabinet? Ang mesa bang ginagamit niya sa pag-aaral ay malapit sa kama niya?

Ang kama ni Carla ay nasa gitna ng kuwarto. Sa kaliwa nito ay ang kanyang banyo. Ang mesang ginagamit niya sa pag-aaral ay mahahanap sa tabi ng kanyang kama. Katunayan, magkatabi ang mga ito. Binigyan ka ba ng mapa ng malinaw na idea tungkol sa kinalalagyan ng mga gamit sa kuwarto ni Carla kahit na hindi mo pa nakikita ito dati?

Ang mga mapa ay kapaki-pakinabang dahil nakatutulong ang mga ito sa paghanap ng mga lugar na hinahanap natin. Ang mapa sa pahina 4 ay simple lang kung ihahambing sa ibang mga mapa katulad ng mapa ng Pilipinas o ng mundo. Ngunit pareho lang ang gamit nila. Ginagamit sila upang sabihin ang kinalalagyan ng isang lugar o bagay.

Kung titingnan mo ang isang mapa, una mong mapapansin ay ang mga malalaking kumpol ng lupa at anyong tubig. Ang mga kumpol ng lupang ito ay tinatawag na kontinente habang ang mga anyong tubig naman ay maaaring klasipikahing dagat, karagatan, lawa o ilog.

Pag-aralan mo ang mapa sa ibaba. Pansinin mo ang iba't ibang kumpol ng lupa at anyong tubig na naroon.





Ang mga may pangalang kumpol ng lupa ay ang pitong kontinente ng mundo. Napapansin mo bang ang iba ay mas malaki kaysa sa iba? Ang pitong kontinente ay Europa, Africa, Asya, Australia, Antartika, Hilaga at Timog Amerika.

Ang bawat isang kontinente ay binubuo ng maraming bansa. Ang bawat bansa ay nabubuhay mag-isa liban sa Australia. Ito ay itinuturing na bansa at kontinente rin. Batay sa mapa ng daigdig sa itaas, ano ang pinakamalaking kontinente? ang pinakamaliit?

Ang pinakamalaking kontinente ay Asya at ang pinakamaliit ay Australia.

Maaari mong basahin ang modyul na pinamagatang *Mga Pangunahing Katangiang Pangheograpiya ng Daigdig* kung gusto mong matuto nang paggamit ng mapa at globo. Sa modyul na ito, ang pagtutuunan lang ng pansin ay ang pagkilala ng lokasyon ng iba't ibang mga bansa at lungsod.

Ang pansin ay itutuon partikular na sa mga pisikal na mapa o mga mapang nagpapakita kung saan naroon ang ibang mga lugar na narito. Marami pang ibang uri ng mapa katulad ng mapang ekonomiko at ang iba pa. Subalit ang mga pisikal na mapa ay maaaring magkaiba-iba depende sa kung anong klase ng lugar ang ipinakikita nila at kung gaano kalaki ang lugar na ito. Ang mga halimbawa nito ay ang mga mapa ng lungsod at mga katulad nito.




## Alamin Natin

Paano mong ginagamit ang mga mapa? Una, kailangan mong malaman kung ano ang pangalan ng lugar na hinahanap mo. Hanapin mo ngayon ang pangalan nito sa mapa. Tingnan natin kung gaano ka kagaling sa paggawa nito. Sa ibaba ay may isang mapa ng Aprika. Ilan lahat ang mga bansa rito?

Mayroong 52 bansa sa buong Africa.

Tingnan mo ang mapa ng Africa sa ibaba at pagkatapos ay sagutin mo ang mga katanungang susunod dito.



1. Magbigay ng sampung bansa sa Africa.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. Anu-anong mga bansa ang nasa hilaga ng Timog Africa?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

3. Anu-anong mga bansa ang nasa kanluran ng Chad?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

4. Anong bansa ang nasa timog ng Ehipto?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

5. Anu-anong mga bansa ang nakapaligid sa o nasa hangganan ng Zaire?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa sagot sa ibaba.

1. Ang mga bansang bumubuo sa Africa ay Morocco, Algeria, Tunisya, Libya, Ehipto, Mauritania, Mali, Niger, Chad, ang Republika ng Central Africa, Sudan, Ethiopia, Djibouti, Somalia, Senegal, Gambia, Guinea-Bissau, Guinea, Sierra Leone, Liberya, Ivory Coast, Burkina Faso, Ghana, Togo, Benin, Nigeria, São Tomé at Prínsipe, Cameroon, Equatorial Guinea, Gabon, Congo, Burundi, Zaïre, Uganda, Rwanda, Kenya, Malawi, Tanzania, Mozambique, Angola, Zambia, Zimbabwe, Namibia, Botswana, Timog Africa, Lesotho, Swaziland, Madagascar, Seychelles, Comoros, Mauritius at Réunion.

2. Ang mga bansang makikita sa kanluran ng Timog Africa ay Namibia, Botswana, Zimbabwe at Mozambique.

3. Ang mga bansang makikita sa kanluran ng Chad ay Niger, Nigeria at Cameroon.

4. Ang Sudan ay nasa timog ng Ehipto.

5. Ang Republika ng Central Africa at Sudan ay makikita sa hilaga ng Zaire; ang Uganda, Rwanda, Burundi at Tanzania sa silangan; at Congo sa kanluran.

Sa panghuling katanungan, ipinakilala sa iyo ang salitang “hangganan.” Ito ang nagsasabi kung hanggang saan ang teritoryong nasasakupan ng isang bansa. Maaari mo itong isipin bilang isang bakod sa pagitan ng dalawang magkapitbahay. Sinasabi nito kung saan nagsisimula ang ari-arian ng isang pamilya at kung saan ito nagtatapos.

Katulad din ng posibilidad ng pagsasalo sa iisang bakod, ang mga bansa ay nagsasalo din sa hangganan. Parang sinabing ang Sudan at ang Zaire ay magkasalo sa isang bakod. May isang linyang hindi nakikita ang naghihiwalay sa teritoryo ng Sudan mula sa teritoryo ng Zaire. Minsan, may mga bansang naglalagay talaga ng bakod upang ang mga tao sa kabilang bansa ay hindi makatawid sa teritoryo nila nang walang pahintulot. Minsan naman, may natural na hangganan katulad ng mga bulubundukin o anyong tubig na nagsisilbing bakod sa pagitan ng dalawang bansa.




## Pag-isipan Natin Ito


Bakit sa tingin mo may hangganan ang mga bansa? Sino o ano ang nagpapasiya kung saan magsisimula at magtatapos ang teritoryo ng isang bansa? Maaari bang magbago ang mga hangganan?

Ang lupa ay napakahalaga. Ang mga giyera ay nangyari at nangyayari pa rin bunga ng pag-aaway dahil sa teritoryo. Sa katunayan, may mga bansang pinag-isa dulot ng mga giyera kaya’t nabuo ang mga bagong bansa habang ang iba naman ay nahahati-hati sa maraming maliliit. Ito ang dahilan kung bakit ang mapa ng daigdig ay parating nagpapalit.

Bukod sa mga lokasyon at hangganan ng mga bansa, ang mga mapa ay nagbibigay din ng impormasyon tungkol sa laki ng iba't ibang mga bansa.




Pag-aralan mo ang mapa ng Hilagang Amerika sa ibaba at pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong na sumusunod:




1. Ano ang may mas malawak na lupa, ang Mehiko o ang Estados Unidos?

   ____________________________________________________________

2. Sa tingin mo ba, mas malaki ang Canada kaysa sa Estados Unidos? Bakit/Bakit hindi?

   ____________________________________________________________

3. Ano ang mas malaki, ang Guatemala o ang El Salvador?

   ____________________________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa mga sagot sa ibaba.

1. Mas malawak ang lupain ng Estados Unidos kaysa sa Mehiko.
2. Oo, ang Canada ay mas malaki kaysa sa Estados Unidos dahil ang Canada ay may laking 9976140 metro kuwadrado (sq. km.) kumpara sa Estados Unidos na may laki lang na 9372610 sq. km.
3. Ang Guatemala ay mas malaki kaysa sa El Salvador.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Tingnan mo ang mapa ng Timog Amerika sa ibaba. Lagyan mo ng pangalan ang iba't ibang mga bansa batay sa mga impormasyon nasa ibaba. Isipin mo ang apat na pangunahing direksiyon—kanluran (taas), timog (ibaba), kanluran (kaliwa) at silangan (kanan).

| **Bansa** | **Paglalarawan** |
|---|---|
| 1. Venezuela | Nasa pinakahilagang bahagi ng Timog Amerika |
| 2. Brazil | Pinakamalaking bansa sa kontinente |
| 3. Colombia | Kasalo sa kanlurang hangganan ng Venezuela |
| 4. Bolivia | Timog ng Brazil at hilaga ng Paraguay, Argentina at Chile |
| 5. Uruguay | Timog ng Brazil at silangan ng Argentina |
| 6. Surinam | Hilaga ng Brazil, silangan ng Guyuna at kanluran ng French Guiana |



Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 38. Nakuha mo bang lahat ang mga sagot? Kung ganoon, magaling! Ibig sabihin ay marami kang natutuhan sa Aralin 1 at handa ka nang magtungo sa susunod na aralin. Kung hindi naman, huwag kang mag-alala. Pagbalik-aralan mo lang mabuti ang mga bahagi ng araling hindi mo naintindihan bago ka magtungo sa Aralin 2.

## Tandaan Natin

- Ang mapa ay isang patag na representasyon ng ibabaw ng mundo o isang lugar dito.
- Ang daigdig ay binubuo ng pitong kontinente: Asya, Europa, Hilagang Amerika, Timog Amerika, Africa, Australia at Antartika.
- Ang kontinente ay mas malaki kaysa sa bansa. Sa katunayan, maraming bansa ang bumubuo sa isang kontinente maliban sa Australia. Ang Australia ay isang bansa at isa ring kontinente.

# Ang mga Bansang G8

Anu-anong mga bansa ang pamilyar sa iyo? Gusto mo bang puntahan ang mga ito balang araw? Nalalaman natin ang tungkol sa mga bansa sa pamamagitan ng maraming paraan. Maaaring marinig natin ang mga ito sa radyo, mapanood natin ang tungkol dito sa telebisyon o mabasa ang mga ito sa pahayagan. Pinakamadalas mangyari ay may mahalagang pangyayaring naganap o nagaganap sa kanila.

Sa Aralin 1, natutuhan mo kung paanong gamitin ang mapa upang hanapin ang lokasyon ng iba't ibang kontinente at bansa. Subalit alam mo bang may mga bansang mas mayaman kaysa sa iba?

Sa araling ito, ipakikilala sa iyo ang iba't ibang lider pang-ekonomiko ng daigdig. Nabibilang sila sa grupo ng mga bansang tanyag at tinatawag na G8, ang walong "higanteng" bansa kung pagbabatayan ang kalagayang ekonomik at politikal. Ang mga kaganapan sa mga bansang ito ay nakaaapekto rin sa mga mas maliliit at mahihirap na mga bansa.

Matapos mong pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

- kilalanin ang mga miyembro ng mga bansa nabibilang sa G8 pati na rin ang kanilang kabisera;
- hanapin ang mga bansang ito sa mapa ng daigdig; at
- ilarawan na ang mga miyembro ng mga bansang nabibilang sa G8.



## Pag-isipan Natin Ito

Ang bansa ay isang piraso ng lupang nasa ilalim ng isang pamahalaan, tinitirhan ng isang uri ng lahi ng tao at mahahanap sa isang lugar na nililimitahan ng heographiya. Ang bawat bansa ay bukod-tangi dahil ang bawat isa ay may partikular na kultura, kung saan ito ay produkto ng kanyang pisikal na kapaligiran. Ilista mo sa ibaba ang pangalan ng sampung bansang alam mo.

1. ___________________________ 6. ___________________________

2. ___________________________ 7. ___________________________


3. ___________________________ 8. ___________________________

4. ___________________________ 9. ___________________________

5. ___________________________ 10. ___________________________

Ang mga sagot sa gawaing ito ay maaaring magkakaiba. Ipakita sa iyong *Instructional Manager* ang iyong mga sagot nang malaman mo kung ito ay tama. Pagkatapos ay subukan mong hanapin ang mga bansang binanggit mo sa isang mapang pandaigdig.

Alam mo ba kung ilang bansa mayroon sa daigdig? May humigit-kumulang sa 200 bansa sa buong mundo. Subalit ang suma total ng mga bansa ay maaaring magpabago-bago. Katulad nang nasabi kanina, maaaring ang dalawang bansa ay maging isa na lamang o ang isang bansa ay mahati sa marami katulad nang nangyari sa Czechoslovakia na ngayon ay nahahati na sa Czech Republic at Slovak Republic. Mahahanap mo ba ang lokasyon ng dalawang bansang ito sa mapa ng Europa sa ibaba.




Ang mga bansa ay maaaring klasipikahin ayon sa kanilang laki, populasyon, lakas militar at ekonomiya. Ang patuloy na pag-unlad sa larangan ng teknolohiya at paligsahang pandaigdig ay dahilan upang manatiling lider ng daigdig ang mga bansang may mas maunlad na ekonomiya.

Walo sa mga bansa sa daigdig ang maaaring klasipikahin bilang lider pandaigdig. Bilang isang grupo ang tawag sa kanila ay Grupo ng Walo o G8. Alam mo ba kung anu-ano ang mga bansang ito?


1. ___________________________ 5. ___________________________

2. ___________________________ 6. ___________________________

3. ___________________________ 7. ___________________________

4. ___________________________ 8. ___________________________

Ipagpatuloy mo ang pagbabasa upang malaman mo kung tama ang iyong mga sagot.




## Alamin Natin

Ang mga bansang miyembro ng G8 ay ang mga pinakamaunlad at pinakamalakas sa larangan ng ekonomiya at politika sa buong mundo.

## Canada

Ang bansang ito kasama ng Estados Unidos ang bumubuo nang pinakamalaking bahagi ng Kanlurang Amerika. Ang Canada ay inihanay sa pangalawa sa pinakamalaking bansa sa buong mundo, pangalawa lamang sa Tsina kung pagbabatayan ang laki ng teritoryo. Inilalarawan ito bilang isang lipunang mataas ang antas sa industriya at teknolohiya at tanyag ito sa kabatiran nito sa kapaligiran. Sa katunayan, dalawang beses itong nahalal bilang pinakamabuting bansang maaaring tirhan sa mundo ng mga Bansang Nagkakaisa. Dito matatagpuan ang isa sa mga pangunahing destinasyon ng mga turista ang mag-asawang, ang talon ng Niagara, na pinagsasaluhan nila ng Estados Unidos. Ang kabisera ng Canada ay ang Ottawa. Mahahanap mo bang ang Canada sa iyong mapang pandaigdig?




## Tsina

Bagamat ang Tsina ay medyo mahirap na bansa, ang malaking populasyon (22% ng populasyon ng buong mundo) at laki ng ekonomiya nito ang dahilan upang mabilang itong isang mahalagang miyembro ng pamayanang pandaigdig at isang malaking puwersang politikal. Ang kabisera ng Tsina ay ang Beijing. Isa pang kilalang lungsod sa Tsina ay ang Hong Kong, isang makabuluhang sentro ng komersiyo, industriya at pananalapi. Ang pinakapopular na pang-akit nito sa mga turista ay ang *Great Wall*. Isa ito sa mga kahanga-hangang tagumpay sa larangan ng inhinyeriya sa loob ng mahabang panahon.




## Pransiya

Ang Pransiya ay isa sa pinakamaunlad ng bansa sa buong mundo. Mahahanap ito sa Europa. Ang malaking lupain nito ay nahahati sa mga mayayamang sakahan at malalaking sentrong panlungsod. Tanyag ito para sa kanyang mga industriya ng sasakyang-panghimpapawid, *electronics* at tela. Isa ito sa mga bansang palaging pinupuntahan sa buong mundo. Tanyag ito para sa Tore ng Eiffel sa Paris, ang kanyang kabisera.



## Alemanya

Ang Alemanya ngayon ay dating nahahati sa Silangang Alemanya at Kanlurang Alemanya. Ang ekonomiya nito ay mabilis na nagbabago mula sa ang orientasyon ay sa paggawa papunta sa isang industriyang ang orientasyon ay sa serbisyo. Ito ay isang lider pandaigdig sa larangan ng pagluluwas ng mga kalakal. Ang Alemanya ay tanyag para sa kanyang Berlin Wall, na nasa kanyang kabisera, ang Berlin. Ang dingding na ito ang naghihiwalay sa silangan at kanlurang mga bahagi ng bansa noon.





## Italya

Ang ekonomiya ng Italya ay mabilis na nagpapalit mula sa isang ekonomiyang agrikultural ang oriyentasyon tungo sa industriyal. Nabibilang sa ibang mga produkto nito ang kemikal, asero, seramika, sapatos at iba pang pansapin sa paa, at damit. Ang Italya ay tahanan ng mga tanyag na lungsod, ang Roma, ang kabisera nito, Venice at Florence. Dito rin matatagpuan ang nakasandal na Tore ng Pisa, Colliseum at ang Basilica ni San Pedro. Ang lungsod ng Vatican, kung saan naroon ang sentro ng Simbahang Katoliko, ay matatagpuan din dito. Ang bansang ito ay may mahalaga at nangingibabaw na impluwensiya sa mundo sa larangan ng sining at arkitektura. Malaking bahagi ng hilagang parte ng bansa ay nakatuon sa industriya habang ang timog naman ay nakatuon sa agrikultura.




## Hapon

Sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1945, ang ekonomiya ng bansang Hapon ay gumuho. Ngunit mabilis na nakatayong muli ang bansa at ngayon ay itinuturing itong isang higante sa larangan ng industriya. Ang ekonomiya ng Hapon ay halos nakatuon nang lubusan sa pagluluwas ng kalakal. Nangunguna ito sa pagtatayo ng mga barko at kinukompetensiya nito ang Estados Unidos sa asero, sasakyang de motor, at industriya ng *electronics*. Ang Hapon ay magandang halimbawa ng bansang nangangalaga sa kapaligiran at may teknolohiyang kasundo ng mga tao upang maging tuluy-tuloy ang pagpupunyagi nitong maprotektahan at mapangalagaan ang kalikasan kahit na malawakan ang pagsulong ng kanilang industriya. Ang kabisera nito, ang Tokyo, ay ang pinakamalaki at pinakamarami ang populasyon sa buong Asya.



## United Kingdom

Apat na rehiyon ang bumubuo sa United Kingdom. Ang mga ito ay Ingglatera, Scotland, Wales at Hilagang Ireland. Ang UK ay kilala sa buong mundo dahil sa lakas nito sa pangangalakal at sentro ng pananalapi. Tanyag ito sa paggawa ng mga de kalidad na makinarya, *electronics* at gamit pang-komunikasyon, mga pagkaing dumaan sa paggawa, damit at iba pang mga produkto. Ang Parliyamentarya, ang Big Ben at and mga pamantasang de kalidad katulad ng Oxford at Cambridge ay nakadagdag din sa katanyagan nito. Ang UK ay isa sa mga iilang bansa na pinamamahalaan ng monarkiya. Ang kabisera nito ay ang London.




## Estados Unidos ng Amerika

Ang Estados Unidos ay itinuturing na pinakamakapangyarihang at pinakamaunlad ang teknolohiyang bansa sa buong mundo. Ito ay mahahanap sa Hilagang Amerika at kilala ito sa mga produktong petrolyo, asero, sasakyang de motor, teknolohiya ng papawirin, kemikal, electronics, pagtotroso at paggawa ng mga tabla at pagmimina. Ang kuwartang umiiral dito, ang dolyar ng Estados Unidos, ay ginagamit ngayon bilang pamantayan ng palitan ng salapi sa buong mundo. Ipinagmamalaki nito ang mga lugar na destinasyon ng mga turista katulad ng estatwa ng Liberty, ang tulay ng Golden Gate, ang Grand Canyon at ang White House. Ang kabisera nito ay ang Washington, D.C.






## Pag-isipan Natin Ito

Kung ikaw ay manalo sa pandaigdig na paligsahan sa pagbabasa ng mapa at pinapayagang bumisita nang libre sa isa sa mga miyembro ng G8, anong bansa ang pipiliin mo? Bakit? Hanapin mo ito sa mapang pandaigdig sa ibaba sa pamamagitan ng pagmarka ng bituin dito.



Ipakita ang iyong sagot sa iyong *Instructional Manager* karagdagang pagtatalakay.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Pag-aralan mo ang mapang pandaigdig sa ibaba kung saan ang bawat isang miyembro ng G8 ay initiman.



1. Ano ang bansang pangalawa sa pinakamalaki sa buong mundo kung pagbabatayan ang lawak ng lupa?

   ___________________________________________________

2. Anu-anong mga bansa sa Asya ang kabilang sa G8?

   ___________________________________________________

3. Alin sa mga bansang kabilang sa G8 ang nasa ilalim ng pamamahala ng monarkiya?

   ___________________________________________________

4. Aling bansa ang may-pag-aari sa kuwartang pinagbabatayan ng mundo, ang dolyar?

   ___________________________________________________

5. Aling bansang kasapi sa G8 ang nahahati dati sa dalawa ng kilalang Berlin Wall?

   ___________________________________________________

6. Aling miyembro ng G8 napapaligiran ng mga dagat Atlantiko at Mediterranean?

    ______________________________________________________

7. Ilan ang bansang miyembro ng G8 na matatagpuan sa Europa?

    ______________________________________________________

B. Sagutin nang maikli lang ang sumusunod na mga katanungan batay sa iyong mga opinion.

1. Anong katangian mayroon ang lahat ng mga bansang kabilang sa G8?

    ______________________________________________________

    ______________________________________________________

2. Bakit hindi maaaring makwalipika ang Pilipinas bilang miyembro ng G8?

    ______________________________________________________

    ______________________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 39. Nakuha mo bang lahat ang mga sagot? Kung ganoon, magaling! Ang ibig sabihin ay naintindihan mo ang aralin nang mabuti. Kung hindi, huwag kang mag-alala. Pagbalik-aralan mo lang ang mga bahagi ng araling hindi mo naintindihan nang mabuti bago ka pumunta sa Aralin 3.



## Tandaan Natin

Ang G8 o Grupo ng Walo ay tumutukoy sa mga bansang itinuturing na mga lider ng mundo sa larangan ng ekonomiya at politika. Sila ang walong pinakamaunlad na bansa sa buong mundo ngayon.

Ang G8 ay binubuo ng Canada, Pransiya, Alemanya, Italya, Hapon, United Kingdom, ang Estados Unidos ng Amerika at Tsina.

# Ang mga Pangunahing Lungsod sa Mundo


Alam mo ba kung ano ang kabisera ng isang bansa? Ang lungsod o bayang kabisera ay lugar kung saan nakapuwesto ang pambansang pamahalaan. Halimbawa, ang Maynila ay ang kabisera ng Pilipinas. Sa kaso ng mga probinsiya, ang kabisera ay ang lugar kung saan nakapuwesto ang lokal na pamahalaan katulad ng Baguio, ang kabisera nito ay ang Lungsod ng Baguio.

Ang bawat bansa sa mundo ay may kabisera kung saan nakasentro ang politika, ekonomik at iba pang mahahalagang gawain nito. Ang kabisera ng isang bansa ay napakahalaga, sa katunayan, ay madalas itong ipinapakita sa mapa sa pamamagitan ng isang bituin o malaking tuldok.

Sasabihin sa iyo nang araling ito ang tungkol sa ilan sa mga pangunahing lungsod sa buong daigdig.

Matapos mong pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

♦ maipaliwanag kung ano ang lungsod at ang kabisera nito;
♦ magbanggit ng sampung pangunahing lungsod sa buong mundo;
♦ mahanap ang mga lungsod na ito sa mapang pandaigdig; at
♦ magbigay ng maikling paglalarawan para sa bawat isa.



## Alamin Natin

Nakatira ka ba sa lungsod? Kung hindi, ano ang pinakamalapit na lungsod sa tinitirhan mo? Ano ang kaibahan ng lungsod at bayan o munisipyo?

Kapag nag-aaral ka ng mapa ng isang bansa, ano ang iyong napapansin? Anu-anong mga bagay ang nakalagay sa mapa? Pag-aralan mo ang mapa ng Pilipinas sa kabilang pahina at isulat mo sa ibaba ang iyong mga naobserbahan sa mga patlang na nakalaan.

1. ____________________________________________________


____________________________________________________

2. ____________________________________________________


____________________________________________________

3. ____________________________________________________

____________________________________________________




**Mapa ng Pilipinas**



## Alamin Natin

Ang bawat mapa ay may dibisyon. Bawat bansa ay nahahati sa mga rehiyon, bawat rehiyon sa mga probinsiya at bawat probinsiya sa mga lungsod at munisipyo. Ang mga dibisyong ito ay kumakatawan sa mga hangganang politikal ng isang lokalidad. Bawat isa ay kumakatawan sa isang partikular na teritoryo ng isang partikular na pamahalaan.

Mapapansin mong ang Pilipinas ay nahahati sa mga rehiyon. Ang bawat rehiyon ay nahahati naman sa mga probinsiya. Ang bawat probinsiya ay nahahati sa mga lungsod o munisipyo at saka iba pa.

Ang mapa ng Pilipinas ay nagpapakita ng lokasyon ng iba't ibang lungsod, bayan at munisipyo sa bansa.

Anu-ano ang mga nakikita mo sa lungsod? Ilista mo sa ibaba ang mga makikita mo sa mga patlang na nakalaan.

1. ____________________________________________________________
2. ____________________________________________________________
3. ____________________________________________________________
4. ____________________________________________________________
5. ____________________________________________________________

Ihambing mo ang iyong listahan sa akin na nasa ibaba.

Madalas ay mahahanap ng isang tao ang mga sumusunod sa isang lungsod:

- Daang sementado;
- Matataas na gusali;
- Malaking populasyon;
- Isang ekonomiyang industriyal;
- Sapat na tubig at kuryente;
- Sasakyan at iba pang modernong transportasyon;
- At iba pa.

Siyempre, ang mga sagot mo ay maaaring maiba kaysa sa mga nabanggit ko sa itaas.

Ang lungsod ay isang lugar na tinitirhan ng populasyong malaki ang bilang, at mas mahalaga kaysa sa isang bayan o barrio.

Madalas na ang mga lungsod ay industriya ang ikinabubuhay kung ihahambing sa bayan na agrikultura ang mas laganap na hanapbuhay.

Sa bansang ito, ang isang munisipyo ay maaaring maging isang lungsod kung maaabot nito ang sumusunod na mga pamantayan:

- isang malaking populasyon; at
- isang medyo malaking kita.

Subalit kahit na maabot ng munisipyo ang mga pamantayang ito, kinakailangang magkasundo muna ang mga nakatira ritong gawing lungsod ang kanilang lokalidad sa pamamagitan ng isang plebisito. Sa plebisito, kailangang bumoto sila upang ipaalam sa lokal na pamahalaan na gusto nilang gawing lungsod ang kanilang munisipyo. Dalawa lang ang posibleng pagpilian sa plebisitong ito. Ang mga taong gustong maging lungsod ang kanilang munisipyo ay dapat bumoto ng "Oo," habang ang mga ayaw naman ay dapat bumoto ng "Hindi." Kung mas nakararami ang mga bumoto ng "Oo," ang munisipyo ay magiging lungsod na.

Kabilang sa pinakahuling idinagdag sa listahan ng mga lungsod sa Pilipinas ay ang Lungsod ng Makati, Lungsod ng Valenzuela, Lungsod ng Parañaque sa Kalakhang Maynila at Lungsod ng San Fernando, sa Pampanga.




## Subukan Natin Ito

Magtala ng sampung lungsod sa Pilipinas bukod sa mga nabanggit na sa araling ito.

1. ____________________________________________________________
2. ____________________________________________________________
3. ____________________________________________________________
4. ____________________________________________________________
5. ____________________________________________________________
6. ____________________________________________________________
7. ____________________________________________________________
8. ____________________________________________________________
9. ____________________________________________________________
10. ____________________________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pp. 39–41. Kumusta ang iyong mga sagot?




## Alamin Natin

Siyempre, hindi lahat ng mga lungsod ay kabisera kung saang bansa sila makikita. Paano, ang isang bansa ay maaari lang magkaroon ng isang kabisera. Subalit karamihan sa mga lungsod ay tanyag dahil sila ay kabisera rin ng kanilang bansa. Gayunman, mayroon ding mga lungsod na kilala para sa ibang mga dahilan. Tatalakayin ang iba nito sa ibaba nang mas detalyado.

## Buenos Aires

Ang Buenos Aires ay kabisera at pinakamalaking lungsod ng Argentina. Itinuturing itong isang mahalagang sentrong komersiyal, industriyal at politikal ng Timog Amerika. Dito ay mahahanap mo ang tanyag sa buong mundo na Teatro Colon at mga Hardin ng Palermo. Tinatawag ng mga taga-Buenos Aires ang sarili nilang “porteños” o mga tao ng daungan dahil ang lungsod nila ay katabi ng Dagat Atlantiko. Tingnan mo sa ibaba kung saan ang Buenos Aires sa mapa ng Argentina.





## Brasilia

Ang Brasilia ay kilala dahil sa kanyang kakaibang mga disenyong pang-arkitektura. Ilan sa mga tanyag na gusaling itinayo rito ay ang Palacio da Alvorada, ang gusali ng Ministri ng Kapakanang Panlabas at ang palasyo ng Kongreso. Ang lungsod na ito ay isa sa mga pinabata sa buong mundo. Ito ay itinayo malayo sa mga nakatayo nang mga sentrong siksikan na sa Timog Amerika. Ang pamahalaan ng Brasilia ay nagpasyang itayo ang kanilang kabisera kung saan mahahanap ang mahahalagang institusyon at ahensiya kaya’t kumuha ito ng isang bahagi ng Brasil na malayo sa dagat. Itinayo nila ang kabisera, ang Brasilia, rito. Tingnan mo kung nasaan ang Brasilia sa mapa ng Brasil sa kabilang pahina.





## Canberra

Ang Canberra ay kabisera ng Australia. Mahahanap ito sa timog-silangang baybay-dagat ng bansa. Ang pangalan nito ay galing sa matandang salitang *canbury,* na ang ibig sabihin ay "lugar na tagpuan." Ang pangalan ay angkop na angkop dahil nang magkasundo ang anim na kolonya na magtayo ng isang bansa, napagkasunduan din nilang tawagin ang kanilang bagong kabisera na Canberra. Ang Canberra, hindi katulad ng ibang bansa, ay naiiba sa kadahilanang kahit na maraming malalaking gusali, abalang kalsada, maiingay na sasakyan, malalaking pabrika at polusyon, ito ay puno pa rin ng mga puno, mga akre ng malilinis na damuhang pantay-pantay ang pagkakagupit at malalawak na parang. Isa ito sa pinakamaliliit na lungsod at isa sa mga kabiserang hindi masyadong malaki ang populasyon. Isang artipisyal na lawa, ang Burley Griffin, ang mahahanap sa sentro nito. Kabilang sa iba pang mga kahali-halinang lugar dito ay ang Australian War Memorial, ang Pambansang Aklatan at ang bagong Bahay ng Parlyamentarya. Tingnan sa ibaba kung saan mahahanap ang mapa ng Australia.




## Cape Town

Ang Cape Town ay kabisera ng at pinakamalaking lungsod sa Timog Afrika. Ang lugar na ito ang pinakamatandang pinaninirahan ng mga taga-Europa sa Afrika. Matatagpuan ito sa paanan ng bundok na kung tawagin ay *Table.* Mas bata ito kung ihahambing sa Cairo. Kabilang sa mga lugar na maaaring puntahan sa lungsod na ito ay ang mga Hardin ng Publiko, ang Bahay ng Parliamentaryo at ang Castle, ang dating luklukan ng pamahalaan na kamakailan lang ay ginawa nang museo. Tingnan kung saan matatagpuan ang Cape Town sa mapa ng Timog Afrika sa ibaba.




## Hong Kong

Ang Hong Kong ay matatagpuan sa timog na bahagi ng baybaying-dagat ng Tsina. Itinuturing itong isa sa mga lider pang-ekonomiko ng mundo sa maraming taon. Isa sa mga daungan nito, ang Victoria Harbor, ay isa sa mga pinakaabalang daungang-dagat sa buong mundo. Ang Hong Kong ay bahagi ng United Kingdom sa loob ng 99 na taon simula nang isuko ito ng Tsina sa UK matapos itong matalo noong Opium War. Kababalik lamang nito sa pamahalaang Tsino noong ika-1 ng Hulyo, 2000. Tingnan kung saan mahahanap ang Hong Kong sa mapa ng Tsina sa ibaba.




## Jerusalem

Ang Jerusalem ay kilala bilang lugar na sinilangan ng tatlo sa pangunahing relihiyon sa mundo: Judaismo, Kristiyanismo at Islam. Ito ay mahigit nang 5000 taong gulang. Naniniwala ang mga manunulat ng kasaysayan na ang Huling Hapunan ni Hesus ay nangyari sa lugar na ito. Tanyag ito para sa Western Wall, ang pinakasagradong banal na lugar ng mga Hudyo. Ang dingding na ito ang tanging labi ng pangalawang templong pinaniniwalaang itinayo ni Haring Solomon. Sa Jerusalem rin mahahanap ang hardin ng Gethsemane at ang Simbahan ng Sepulchre, na itinayo sa parehong lugar kung saan ipinako, inilibing at nabuhay na muli si Hesus. Doon din ipinanganak at lumaki si Abrahan, pinaniniwalaang pinakaunang Muslim, bago siya tinaguriang "Ama ng lahat ng Bansa." Tingnan mo kung saan mahahanap ang Jerusalem sa mapa ng Israel sa ibaba.





## London

Ang London ay kabisera at pinakamalaking lungsod sa United Kingdom. Tanyag ito sa buong mundo para sa tore ng orasan sa Bahay ng Parliamento na kilala sa tawag na Big Ben. Doon din mahahanap ang palasyo ng Buckingham, ang tirahan ng pamilyang Maharlika. Doon din makikita ang Teatro ng Globe kung saan unang pinalabas ang mga dula ni William Shapespeare. Tingnan mo kung saan mahahanap ang London sa mapa ng Ingglatera sa ibaba.




## Paris

Ang Paris ay isa sa pangunahing destinasyon ng mga turista sa buong mundo. Ito ang kabisera ng Pransiya. Pinangalan ito sa tribong kung tawagin ay *Parissi*, ang mga naunang nanirahan sa lugar mga 2000 taon na ang nakararaan. Tanyag ito para sa tore ng Eiffel, na itinayo bilang alaala ng ika-100 anibersaryo ng Rebolusyon ng mga Pranses at ang Katedral ng Notre Dame, ang pinakamatandang simbahang itinayo sa istilo ng French Gothic. Ang lungsod ay kilala sa maraming tawag katulad ng "Fashion Capital of the World" at "Lungsod ng mga Ilaw." Tingnan kung saan mahahanap ang Paris sa mapa ng Pransiya sa ibaba.




## Ottawa

Ang Ottawa ay kabisera ng pinakamalaking bansa sa Hilagang Amerika, ang Canada. Ang lungsod ay ipinangalan sa tribo ng mga Indian na noong unang panahon ay nanirahan doon. Tanyag ito para sa Gusali ng Parliamento, Pambansang Aklatan at Pambansang Museo ng Agham at Teknolohiya. Kilala rin ito para sa kahanga-hangang kombinasyon ng mga sentro ng pamahalaan, berdeng parke, mga establisimiento ng industriya at magagandang ilog. Kabilang sa iba pang mga tanyag na pang-akit sa mga turista sa lungsod ay ang Parke ng Rockliffe at ang Talon ng Chaudiere, na ang ibig sabihin ay "kumukulong malaking kaldero" sa salitang Pranses. Tingnan kung saan mahahanap ang Ottawa sa mapa ng Canada sa ibaba.




## Roma

Ang Roma ay minsang naging luklukan ng Imperyo ng Roma, na umaabot mula sa Timog Europa hanggang Hilagang Afrika at hanggang sa layo ng ibang bahagi ng Kanluran at Timog Asya. Ito ngayon ang kabisera ng Italya. Dito mahahanap ang lungsod ng Vatican, ang pinakamaliit na bansa sa buong mundo. Ang Roma ang isa sa pinakamayamang sentro ng kultura sa buong mundo. Ang ilan sa mga atraksiyong panturista ng lungsod ay ang Basilika ni San Pedro, ang Roman Forum, ang Baths of Caracalla at ang Arko ng Tagumpay. Ang lungsod ay ipinangalan kay Romulus, na tanyag para sa linyang, "Ang aking Roma ang siyang magiging kabisera ng buong mundo." Tingnan sa ibaba kung saan mahahanap ang Roma sa mapa ng Italya sa ibaba.




## Sydney

Ang Sydney ang pinakamatandang pamayanan sa Australia. Mahahanap sa timog-silangang baybayin ng kontinente, ang Sydney ay itinuturing na isa sa pinakaabalang daungang lungsod sa mundo. Ang Port Jackson sa Sydney ay ang sentro ng lungsod na pinakamalaki ang populasyon. Doon ginanap ang 2000 Summer Olympics. Kabilang sa pinakatanyag na mga atraksiyong panturista ay ang Tulay ng Daungan ng Sydney, isa sa pinakamahaba at pinakamataas na tulay na isa lang ang arko sa buong mundo, ang Sydney Opera House, ang Tore ng Sydney, ang Museo ng Australia, ang Pambansang Konserbatoryo ng Musika at ang Museo ng Applied Arts and Sciences. Tingnan kung saan mahahanap ang Sydney sa mapa ng Australia sa ibaba.




## Tokyo

Ang Tokyo ay sentro ng pananalapi, komersiyo at industriya ng bansang Hapon. Ang lungsod na ito ang pinakamalaki at pinakamaraming tao sa Asya. Sa gitna ng lungsod mahahanap ang Palasyo ng Imperyo, na napaliligiran ng maraming puno, malawak na damuhang pantay-pantay at iba-ibang malalaki at maluluwang na kanal na nakapaligid sa palasyo. Ito rin ang tahanan ng pinakabantog na unibersidad sa Asya, ang Unibersidad ng Tokyo. Ipinagmamalaki rin nito ang Ginza, isa sa pinakatanyag at mamahaling pook kung saan maaaring mag-shopping at mag-aliw sa buong mundo. Tingnan sa ibaba kung saan mahahanap ang Tokyo sa mapa ng Hapon sa ibaba.





## Washington, D.C.

Ang Washington, D.C. ay ang kabisera ng Estados Unidos ng Amerika. Ipinangalan ito sa unang pangulo ng bansa, si George Washington. Ang inisyal na D.C. sa dulo ng pangalan ng lungsod ay nangangahulugang Distrito ng Columbia, ang estado kung saan mahahanap ang lungsod. Sinasabing kinomisyon ni George Washington ang isang arkitektong Pranses upang planuhin at idisenyo ang kabiserang malayo sa ibang lungsod ng Estados Unidos. Kabilang sa mga tanyag na atraksiyong panturista ay ang Monumento ng Washington, ang Bahay na Puti, ang Thomas Jefferson Memorial, ang Sinupan ng Pambayang mga Kasulatan o Dokumento, ang Lincoln Memorial at ang Museo ng Himpapawid at Kalawakan. Tingnan kung saan mahahanapa ng Washington, D.C. sa mapa ng Estados Unidos sa ibaba.



## Maynila

Ang Maynila na matatagpuan sa Look ng Maynila sa kanlurang baybaying ng Luzon sa Pilipinas ay ang kabisera at pinakamalaking lungsod ng bansa. Itinatayo ng mga Kastila noong 1571, ito ngayon ay itinuturing na isa sa mga malalaking lungsod sa buong mundo. Kilala ito para sa mga industriya ng tela, gawaan ng mga barko, pagproseso ng tabako at paggawa ng langis galing sa niyog. Kabilang sa mga tanyag na pinupuntahan ng mga turista ay ang lungsod ng Intramuros na napapaligiran ng pader, ang simbahan ng San Agustin, ang pinakamatandang simbahan sa Asya, ang Unibersidad ng Santo Tomas, ang pinakamatandang unibersidad sa Asya, ang Pambansang Museo at ang Rizal Park. Tingnan sa ibaba kung saan mahahanap ang Maynila sa mapa ng Pilipinas.




Siyempre, marami pang mahahalagang mga lungsod sa buong mundo. Ang bawat isa ay nag-aalok ng espesyal na makikita sa mga manlalakbay.



## Pag-isipan Natin Ito

Anu-ano pa ang mga lungsod na pamilyar ka? Itala sila sa ibaba at subukang hanapin ang mga ito sa mapa ng daigdig. Alin sa mga lungsod na inilista mo ang pinakagusto mong bisitahin? Bakit?

____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

Ipakita ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* para sa mas malawakang pagtatalakay.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Sagutin ng maikli lang ang mga katanungan sa ibaba.

1. Anu-ano ang tatlong lungsod na may plano at itinayo upang maging kabisera ng kanilang bansa?

   ____________________________________________________________

2. Anong lungsod ang kabisera ng pangalawa sa pinakamalaking bansa sa buong mundo?

   ____________________________________________________________

3. Ano ang pinakamalaking lungsod sa Asya?

   ____________________________________________________________

4. Saang lungsod ginanap ang 2000 Summer Olympics?

   ____________________________________________________________

5. Aling lungsod ang kilala bilang "Fashion Capital of the World"?

   ____________________________________________________________

B. Isulat ang bansa at kontinente kung saan mahahanap ang bawat lungsod sa ibaba.

1. Tokyo

   ____________________________________________________________

2. Paris

   ____________________________________________________________

3. Brasilia

   ____________________________________________________________

4. Cairo

   ____________________________________________________________

5. Buenos Aires

   ____________________________________________________________

6. Hong Kong

   ____________________________________________________________

7. Washington, D.C.

   ____________________________________________________________

8. London

   ____________________________________________________________

9. Maynila

   ____________________________________________________________

10. Ottawa

_______________________________________________

11. Cape Town

_______________________________________________

12. Canberra

_______________________________________________

13. Roma

_______________________________________________

14. Jerusalem

_______________________________________________

15. Sydney

_______________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na mahahanap sa pahina 42. Nakuha mo bang lahat ang mga sagot? Kung ganoon, magaling. Ang ibig sabihin ay marami kang natutuhan sa aralin. Kung hindi naman, pagbalik-aralan mo lang ang mga bahagi ng aralin na hindi mo naintindihang mabuti bago ka magtuloy sa susunod na bahagi ng modyul.



## Tandaan Natin

Sa kabisera ng isang bansa ay madalas na mahahanap ang luklukan ng pamahalaan. Mas madalas kaysa hindi, ito ay isang lungsod.

- ♦ Ang kabisera ng isang bansa ay madalas na may palatandaang bituin o malaking tuldok sa mapa ng bansang iyon.
- ♦ Ang mga lungsod ay lugar na tinitirhan ng malaking populasyon at sukat o mas mahalaga kaysa sa bayan o nayon.

Paano? Dito na nagtatapos ang modyul na ito! Maligayang bati sa iyong pagtatapos. Nagustuhan mo ba ito? Mayroon ka bang natutuhang kapaki-pakinabang mula rito? Isang pagbubuod ng mga mahahalagang puntos ang ibibigay sa kabilang pahina upang matulungan kang tandaan ang mga ito.

## Ibuod Natin

Ang modyul na ito ay nagsasabi na:

- Ang mapa isang lapat na representasyon ng daigdig o bahagi nito.
- Ang mundo ay binubuo ng pitong kontinente: Asya, Europa, Hilagang Amerika, Timog Amerika, Afrika, Australia at Antartika.
- Ang kontinente ay mas malaki kaysa sa isang bansa. Sa katunayan, maraming bansa ang bumubuo sa isang kontinente. Subalit ang Australia ay parehong bansa at kontinente.
- Ang G8 o Grupo ng Walo ay tumatalakay sa mga bansang itinuturing na lider pang-ekonomiko at politikal sa daigdig. Sila ang walong pinakamaunlad na mga bansa sa daigdig ngayon.
- Ang G8 ay binubuo ng Canada, Pransiya, Alemanya, Italya, Hapon, United Kingdom, ang Estados Unidos ng Amerika at Tsina.
- Sa kabisera ng isang bansa ay kadalasang matatagpuan ang luklukan ng pamahalaan. Mas madalas kaysa sa hindi, ito ay isang lungsod.
- Ang kabisera ng isang bansa ay madalas na minamarkahan ng isang bituin o malaking tuldok sa mapa ng bansang iyon.
- Ang mga lungsod ay lugar na tinitirhan ng malaking populasyon at sukat o mas mahalaga kaysa sa bayan o nayon.




## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Sagutan nang maikli lang ang sumusunod na katanungan.

1. Ano ang kabisera ng Estados Unidos?

   ____________________________________________________________

2. Ano ang pinakamalaking lungsod sa Timog Amerika?

   ____________________________________________________________

3. Sa anong lungsod tinatawag ng mga tao ang sarili nilang “porteños”?

   ____________________________________________________________

4. Ano ang pinakamalaking lungsod sa Afrika?

   ____________________________________________________________

5. Ano ang bansang kilala bilang kabisera ng mga turista sa daigdig?

   ____________________________________________________________

6. Anu-anong mga bansa sa Asya ang kabilang sa mga miyembro ng G8?

   ____________________________________________________________

7. Saang bansa mahahanap ang lungsod ng Vatican?

   ____________________________________________________________

8. Anong kontinente ang bansa din?

   ____________________________________________________________

9. Ano ang ibig sabihin ng mga inisyal na D.C. sa “Washington, D.C.”?

   ____________________________________________________________

10. Anong lungsod ang kilala bilang “Lungsod ng mga Ilaw”?

    ____________________________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 42. Nakuha mo bang lahat ang mga sagot? Kung ganoon, magaling! Maaari ka nang mag-aral ng bagong modyul. Kung hindi naman, okay lang. Pagbalik-aralan mo lang ang mga bahagi ng modyul na hindi mo naintindihan nang mabuti bago ka mag-aral ng panibago.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–3)*

A. Ang mga mapa ay lapat na representasyon ng ibabaw ng mundo o mga bahagi nito na nagpapakita ng lokasyon ng iba't ibang lugar. Ginagamit ang mga ito upang hanapin ang mga lugar at makakuha ng direksiyon upang makapunta sa mga lugar na ito.


B. Ang kontinente ay mas malaki kaysa sa bansa kung ang pagbabatayan ang lawak nito. Iba-ibang mga bansa ang bumubuo sa kontinente maliban sa Australia na parehong kontinente at bansa.

C. 1. Pilipinas
   2. Brasil
   3. Chile
   4. Australia
   5. Ehipto

D. Bilugan mo ang sumusunod na mga bansa: Hapon, Pransiya, Estados Unidos ng Amerika, Tsina, Italya, Ingglatera, Alemanya at Canada.

### B. Aralin 1

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 10)*



**C. Aralin 2**

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 20–21)*

A.
1. Canada
2. Hapon at Tsina
3. United Kingdom
4. Estados Unidos ng Amerika
5. Alemanya
6. Italya
7. Italya
8. Apat—Pransiya, Italya, United Kingdom at Alemanya

B.
1. Ang mga bansang ito ay itinuturing na lider sa lahat ng mga bansa sa daigdig sa larangan ng ekonomiko at politika. Dinodominahan nila ng daigdig ng pangangalakal at dahil dito ang mga nangyayari sa bansa nila ay nakaaapekto sa ibang ring mga bansa.
2. Ang Pilipinas ay hindi kwalipikado bilang miyembro ng G8 dahil hindi pa nito naaabot ng tagumpay na ekonomiko. Ito, sa katunayan, ay isa sa mga bansa sa daigdig na hindi pa maunlad.

**D. Aralin 3**

*Subukan Natin Ito (pahina 25)*

Maaari mong ilista ang alinmang sampu sa sumusunod:

1. Lungsod ng Kalookan
2. Lungsod ng Las Piñas
3. Lungsod ng Mandaluyong
4. Lungsod ng Marikina
5. Lungsod ng Muntinlupa
6. Lungsod ng Pasay
7. Lungsod ng Pasig
8. Lungsod ng Quezon
9. Lungsod ng Angeles
10. Lungsod ng Antipolo

11. Lungsod ng Bacolod
12. Lungsod ng Bago
13. Lungsod ng Baguio
14. Lungsod ng Bais
15. Lungsod ng Batangas
16. Lungsod ng Butuan
17. Lungsod ng Cabanatuan
18. Lungsod ng Cadiz
19. Lungsod ng Cagayan de Oro
20. Lungsod ng Calapan
21. Lungsod ng Calbayog
22. Lungsod ng Canlaon
23. Lungsod ng Cavite
24. Lungsod ng Cebu
25. Lungsod ng Cotabato
26. Lungsod ng Dagupan
27. Lungsod ng Danao
28. Lungsod ng Dapitan
29. Lungsod ng Davao
30. Lungsod ng Dipolog
31. Lungsod ng Dumaguete
32. Lungsod ng General Santos
33. Lungsod ng Gingoog
34. Lungsod ng Iriga
35. Lungsod ng Samal
36. Lungsod ng Kabankalan
37. Lungsod ng Kidapawan
38. Lungsod ng La Carlota
39. Lungsod ng Laoag
40. Lungsod ng Lapu-Lapu
41. Lungsod ng Legazpi
42. Lungsod ng Lipa
43. Lungsod ng Lucena
44. Lungsod ng Malaybalay

45. Lungsod ng Mandaue
46. Lungsod ng Marawi
47. Lungsod ng Naga
48. Lungsod ng Olongapo
49. Lungsod ng Ormoc
50. Lungsod ng Oroquieta
51. Lungsod ng Ozamiz
52. Lungsod ng Pagadian
53. Lungsod ng Palayan
54. Lungsod ng Passi
55. Lungsod ng Puerto Princesa
56. Lungsod ng Roxas
57. Lungsod ng Sagay
58. Lungsod ng San Carlos, Negros Occidental
59. Lungsod ng San Carlos, Pangasinan
60. Lungsod ng San Jose
61. Lungsod ng San Pablo
62. Lungsod ng Santiago
63. Lungsod ng Silay
64. Lungsod ng Surigao
65. Lungsod ng Tacloban
66. Lungsod ng Tagaytay
67. Lungsod ng Tagbilaran
68. Lungsod ng Tagum
69. Lungsod ng Talisay, Davao del Norte
70. Lungsod ng Talisay, Cebu
71. Lungsod ng Tangub
72. Lungsod ng Tarlac
73. Lungsod ng Toledo
74. Lungsod ng Trece Martires
75. Lungsod ng Urdaneta

76. Lungsod ng Victorias
77. Lungsod ng Zamboanga

*Tingnan Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 34–35)*

A.
1. Brasilia, Washington, D.C. at Paris
2. Ontario
3. Tokyo
4. Sydney
5. Paris

B.
1. Hapon—Asya
2. Pransiya—Europa
3. Brasil—Europa
4. Ehipto—Afrika
5. Argentina—Timog Amerika
6. Tsina—Asya
7. Estados Unidos ng Amerika—Hilagang Amerika
8. Ingglatera—Europa
9. Pilipinas—Asya
10. Canada—Hilagang Amerika
11. Timog Afrika—Afrika
12. Australia—Australia
13. Italya—Europa
14. Israel—Asya
15. Australia—Australia

## E. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pahina 37)*

1. Washington, D.C.
2. Brasilia
3. Buenos Aires
4. Cape Town
5. Pransiya
6. Hapon at Tsina
7. Roma
8. Australia
9. Distrito ng Columbia
10. Paris

## Mga Sanggunian


Baerwald, T. J. and C. Fraser. *World Geography.* New Jersey: Prentice-Hall, 1993.

Grablam, Sue, ed. *Circling the Globe—A Young People's Guide to Countries and Cultures of the World*. New York: D.S. Max International, Inc., 1996.

United States Central Intelligence Agency. *Handbook of Nations*. 15th ed. USA: Gale, 1990.

Small, J. and M. Witherick. *A Modern Dictionary of Geography*. 2nd ed. New York: Routledge, 1989.